

Kahapon, Luntian

Raquel E. Sison-Buban

De La Salle University, Manila

raquel.sison-buban@dlsu.edu.ph

~~~

Sa paraisong ginunaw ng dumayong pirata

Nakitil ang mga binhing ipinunla ng mga diyosa,

Binhing sana'y pipintog sa ibayong pagsinta

Sa lupaing binihisan ng luntiang gloria.

Bakit ang bagani 'y nanimdim sa dilim

Sa halip na kabakahin ang salamangka ng sagimsim?

Bakit ang banga'y hinayaang lukubin

Nilang balakyot at maitim ang lihim?

Ano ang kasaysayan ng paraisong ginunaw?

Kuwentong luwal ba ng Edeng luntian?

Nagtaksil ang metapora't basag na mitolohiya

Sa kawayanang nag-iwi ng kahinaan at sumpa

Nilusaw na mga kulay ng bahagharing palamara

Inilalako sa madlang haling sa alamat at saga

Inaawit nang patanghal sa saliw ng lira,

Habang nabubulid sa kumunoy ng dusa.

Ligaw na kapalarang hindi masino ang sala  
Bugtong na lang ngayong sinasapantaha.  
Kahapon, luntian ang Edeng mahiwaga  
Ngayo'y bilangguang lusak ng mga maralita.  
Binasbasang luha na inialay, itinigis  
Di na mapupunla pa sa lupang naamis.

Mga binhing naligwak sa udyok ng panahon  
Kalahigin man sa ginto'y sadyang di maihihimatong.  
Sa lupaing walang diyos, at wala ring panginoon,  
Kahit anong makinang ang maghaharing tuon  
Alamat ng panunupil, mito ng kolonisasyon  
Iginigiit na bagtasin ang balighong direksyon.

Kahapon, luntian ang palitang denominasyon  
Buhanging isinuhay sa nagmamadaling panahon.

**Tungkol sa May-akda:**

**RAQUEL E. SISON-BUBAN**

Associate Professor sa Departamento ng Filipino; nagtapos ng digring Ph.D. Ladderized Program sa Filipino (with high distinction), medyor sa Pagsasalin sa De La Salle University, 2003. Tinapos naman niya ang kanyang digring Bachelor of Science in Education medyor sa Filipino (cum laude) sa Philippine Normal University, taong 1989. Tumanggap siya ng gantimpala sa pagsulat ng tula at sanaysay mula sa Komisyon sa Wikang Filipino nang taong 2004 at Miguel Febres De Cordero Award for Outstanding Published Scholarly Article in Filipino para sa taong 2017 para sa kanyang sanaysay na "Ang Papel ng Pagsasalin sa ASEAN Integration: Ilang Pagninilay at

Mungkahing Gawain.” May mahigit na 20 taong karanasan na rin siya sa pagsulat ng mga batayan at sanayang aklat sa Filipino sa antas elementarya at sekondarya. Textbook evaluator ng IMCS Deped, at tagasalin, konsultant, at evaluator ng mga proyektong pagsasalin na isinusulong ng Natural Language Processing Department ng Kolehiyo ng Araling Kompyuter ng Pamantasan. Naging koordineytor din siya ng Programang Gradwado ng Departamento ng Filipino ng DLSU sa loob ng apat na taon at editor ng Malay, isang multi-disiplinari at internasyonal dyornal sa Filipino ng Pamantasang De La Salle-Maynila. Sa kasalukuyan, siya ang nanunungkulang pangulo ng PATAS (Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin) at miyembro ng komite ng NCLT (National Commission for Language and Translation) ng NCCA (National Commission for Culture and the Arts).